DepEd Advisory No. 92, s. 2015
March 9, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAMBANSANG KONGRESO SA PAGPAPLANONG WIKA

Kaugnay ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Lalawigan ng Pangasinan ay magdaraos ng *Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Wika* mula ika-5 hanggang ika-7 ng Agosto 2015 sa Sison Auditorium, Tanggapang Panlalawigan, Lingayen, Pangasinan.

Pangunahing layunin ng Kongreso na mailahad at matalakay ang pag-unlad at kasalukuyang sitwasyon ng wikang pambansa, at makabuo ng kongkretong solusyon at plano para sa wikang Filipino. Ang iba pang layunin ay ang mga sumusunod:

1. magkaroon ng ebalwasyon sa mga naging gawaing pangwika sa loob ng 79 taon kaugnay ng pagpaplanong wika;
2. matukoy at matugunan ang kaukulang solusyon ang mga suliraning pangwika sa iba't ibang larang ng lipunang Filipino sa buong bansa; at
3. makabuo ng mga konkretong limang taong plano ng mga programa at proyekto para sa wikang Filipino.

Inaasahan ang pagdalo sa kongresong ito ng mga kinatawan mula sa tanggapang sentral at panrehiyon ng Kagawaran ng Edukasyon, tagapamanihala/tagamasid ng mga paaralang publiko, mga puno, guro, dekano, at propesor ng Kagawaran ng Filipino sa mga paaralang publiko at pribado, mga iskolar, mga manunulat at iba pa na may interes na mapabuti pa ang kanilang gampanin sa pagpapaunlad ng wika sa bansa.

Para sa reserbasyon, detalye, at iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kina:

Bb. Remedios P. Vasquez
Telepono Blg.: (02) 736-2519 o (02) 736-2525 lokal 101
Mobile Phone Blg.: 0920-441-3066

Bb. Jona S. Guarin
Telepono Blg.: (02) 516-0326
Mobile Phone Blg.: 0906-452-8247
Email Adres: jonaguarin@gmail.com at sheebvega@yahoo.com

Alma/DA pambansang kongreso sa pagpaplanong-wika
0082-February 5/March 4, 2015